




Gabay sa Paggawa ng Abanseng Direktiba sa Kalusugan (Advance Health Directive) sa Western Australia



Ang mga mambabasa ay binabalaan na ang dokumento ay maaaring naglalaman ng mga larawan ng mga taong namatay na mula nang inilathala.

© Department of Health, State of Western Australia (2022)

Lahat ng impormasyon at materyal sa dokumentong ito ay protektado ng karapatang-sipi (copyright). Ang copyright ay nasa pagtatabi ng Estado ng Western Australia. Bukod sa anumang paggamit na pinahihintulutan ng *Copyright Act 1968* (Cth), ang impormasyon sa dokumentong ito ay hindi maaaring ilathala, o kopyahin sa kahit ano pa mang materyal, nang walang malinaw na pahintulot mula sa End-of-Life Care Program, Western Australian Department of Health.

Iminungkahing sanggunian

Department of Health, Western Australia. *Your Guide to Advance Care Planning in Western Australia*: Perth: End-of-Life Care Program, Department of Health, Western Australia; 2022.

Mahalagang pagtatatwa (disclaimer)

Ang gabay na ito ay nilayon upang magbigay ng pangkalahatang-ideya sa paggawa ng abanseng pagpapalano ng pangangalaga. Mayroon itong mga link para sa karagdagang impormasyon at mga mapagkukunan. Hindi dapat sumalalay sa gabay na ito bilang panghalili sa payo sa batas o iba pang propesyonal na payo. Dapat humingi ng independiyenteng payo para sa mga partikular na kaso na nangangailangan ng payo sa batas o iba pang propesyonal na payo.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga Advance Health Directive ay makukuha mula sa:

Kagawaran ng Kalusugan (Department of Health)

Telepono: 9222 2300

Email: acp@health.wa.gov.au

Website: healthywa.wa.gov.au/AdvanceCarePlanning



Serbisyo ng interpreter

Mangyaring humiling ng serbisyo ng interpreter kung kailangan mo ng tulong sa pakikipag-usap tungkol serbisyong pangkalusugan sa iyong wika.

Mga nilalaman

Paano gagamitin ang gabay na ito 2

Seksyon 1: Tungkol sa mga Abanseng Direktiba sa Kalusugan (Advance Health Directives) 3

Ano ang Abanseng Direktiba sa Kalusugan (Advance Health Directive)? 3

Sino ang gagawa ng mga desisyon tungkol sa iyong paggamot at pangangalaga kung nawalan ka na ng kakayahang gumawa o magpahayag ng mga desisyon? 4

Seksyon 2: Hakbang-hakbang na gabay 6

Mga Bahagi ng Abanseng Direktiba sa Kalusugan (Advance Health Directive) 6

Bahagi 1: Ang aking mga personal na detalye 6

Bahagi 2: Ang aking kalusugan 7

Bahagi 3: Ang aking mga pinahahalagahan at kagustuhan 8

Bahagi 4: Ang aking mga desisyon sa paggamot sa Advance Health Directive 12

Bahagi 5: Mga taong tumulong sa akin na sagutin ang aking Advance Health Directive 18

Bahagi 6: Lagda at pagsaksi 20

Seksyon 3: Makakatulong na impormasyon 22

Mga Madalas Itanong 22

Checklist para sa paggawa ng Advance Health Directive 30

Saan pupunta para sa karagdagang impormasyon 31

Mga karaniwang ginagamit na salita 33

Halimbawa ng isang nakumpletong Advance Health Directive 36

Paano gagamitin ang gabay na ito

Ang gabay na ito ay nagbibigay ng impormasyon upang matulungan kang ihanda at kumpletuhin ang iyong Advance Health Directive.

Maaaring mapuna mo na kailangan mo ng oras para sagutin ang iyong Advance Health Directive. Hindi mo kailangang kumpletuhin ito sa isang pagkakataon lamang. Maaari mong kumpletuhin ito nang baha-bahagi.

Seksyon 1: Tungkol sa Mga Abanseng Direktiba sa Kalusugan (Advance Health Directives)

Inilalarawan sa seksyong ito kung ano ang Advance Health Directive. Ipinapaliwanag nito kung bakit ito nakakatulong, kung paano gagamitin ang iyong Advance Health Directive, at kung sino ang gagawa ng mga desisyon para sa iyo kung nawalan ka na ng kakayahang gumawa o magpahayag ng iyong mga desisyon.

Seksyon 2: Hakbang-hakbang na gabay

Ang seksyong ito ay nagbibigay ng hakbang-hakbang na gabay sa paggawa ng Advance Health Directive, kasama ang mga halimbawa upang matulungan ka.

Seksyon 3: Makakatulong na impormasyon

Ang seksyong ito ay nagbibigay ng checklist para sa paghahanda, pagkumpleto at pagtatabi ng iyong Advance Health Directive. Ipinapaliwanag nito ang mga salitang ginagamit sa mga Advance Health Directive at tumutugon sa [Mga Madalas Itanong](#). Mayroon din itong mga link kung saan pupunta para sa karagdagang impormasyon.

Halimbawa ng isang nakumpletong Abanseng Direktiba sa Kalusugan (Advance Health Directive) at hindi pa nasagutang Advance Health Directive

Sa dulo ng gabay na ito ay may isang halimbawa ng isang nakumpletong Advance Health Directive. May isang hindi pa nasagutang Advance Health Directive kalakip ng gabay na ito.

Maaari kang sumangguni sa halimbawa ng nakumpletong form habang kinukumpleto mo ang iyong Advance Health Directive.

Maaari kang humingi ng tulong sa pagkumpleto ng iyong Advance Health Directive. Ang [Seksyon 3: Makakatulong na impormasyon](#) ay mayroong impormasyon kung paano at saan hihingi ng tulong.



Seksyon 1: Tungkol sa Abanseng Direktiba sa Kalusugan (Advance Health Directives)

Inilalarawan sa seksyong ito kung ano ang Advance Health Directive. Ipinapaliwanag dito kung bakit ito nakakatulong, kung paano gagamitin ang iyong Advance Health Directive, at kung sino ang gagawa ng mga desisyon para sa iyo kung nawalan ka na ng kakayahang gumawa ng mga desisyon o magpahayag ng iyong mga desisyon.

Ano ang Abanseng Direktiba sa Kalusugan (Advance Health Directives)?

Ang Advance Health Directive ay isang **ligal** na dokumento na nagbibigay-daan upang makagawa ka ng mga desisyon sa ngayon tungkol sa paggamot at pangangalaga na gusto mo o hindi mo gustong tanggapin sa hinaharap.

Gagamitin **lamang** ang Advance Health Directive kung ikaw ay malubhang magkasakit o masugatan at hindi mo na magawang gumawa ng mga desisyon o magpahayag ng iyong mga kahilingan. Kung mangyari ito, ang iyong Advance Health Directive ang iyong magiging boses. Kung kailangan mong baguhin ang iyong Advance Health Directive, dapat mong bawiin (o kanselahin) ang iyong kasalukuyang Advance Health Directive at gumawa ng bago.

Ang Advance Health Directive ay isa sa mga dokumentong makukuha sa Western Australia (WA) na maaaring kumpletuhin bilang bahagi ng proseso ng abanseng pagpapalano ng pangangalaga.


Ang pagkakaroon ng Advance Health Directive ay makakatulong sa iyong mga mahal sa buhay at mga propesyonal sa kalusugan na maunawaan kung ano ang mahalaga sa iyo kaugnay ng iyong kalusugan at pangangalaga sa kalusugan.

Inirerekomenda na makipag-usap ka sa iyong pamilya, tagapag-alaga, isang malapit na kaibigan, doktor, o iba pang mga propesyonal sa kalusugan upang tumulong sa iyong makapag-isip.


Kabilang sa iba pang mapagkukunan na maaaring makatulong ang:

- Website ng MyValues – myvalues.org.au
- Website ng abanseng pagpapalano ng pangangalaga ng WA Department of Health – healthywa.wa.gov.au/AdvanceCarePlanning

Tingnan ang [Mga Madalas Itanong](#) sa Seksyon 3: Makakatulong na impormasyon para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga Advance Health Directive at abanseng pagpapalano ng pangangalaga.



Ang Advance Health Directive ay mahalagang paraan upang maipaalam sa mga tao ang iyong mga pinahahalagahan at kagustuhan tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan at paggamot kung sakaling magkasakit ka nang malubha o mapinsala at hindi ka na makagawa ng mga desisyon.



Ang paggawa ng Advance Health Directive ay kusang-loob.

Ang pag-iisip at pakikipag-usap tungkol sa iyong kalusugan sa hinaharap at mga kahilingan sa katapusan ng buhay (end-of-life) ay maaaring maging mahirap. Humingi ng tulong kung kailangan mo ng suporta dito.

Sino ang maaaring gumawa ng Abanseng Direktiba sa Kalusugan (Advance Health Directive)?

Upang makagawa ng Advance Health Directive, ikaw ay dapat may **18 taong gulang** o mas matanda at may **ganap na ligal na kapasidad** sa panahon ng paggawa ng Advance Health Directive.

Nangangahulugan ito na:

- nauunawaan mo ang anumang impormasyon o payo na ibinigay sa iyo upang makagawa ng mga desisyon sa iyong Advance Health Directive
- nauunawaan mo ang malamang na (mga) epekto ng mga desisyong gagawin mo sa iyong Advance Health Directive sa iyong paggamot at pangangalaga sa hinaharap
- nagagawa mong timbangin ang mga posibleng benepisyo at kahinaan ng iyong mga desisyon tungkol sa iyong paggamot at pangangalaga sa hinaharap
- nagagawa mong ipahayag sa ilang paraan ang iyong mga desisyon tungkol sa iyong paggamot at pangangalagang pangkalusugan sa hinaharap.

Ang mga nasa hustong gulang ay itinuturing na may kakayahan maliban kung nakikitang walang kakayahan. Kung mayroon kang anumang pagdududa tungkol sa iyong kasalukuyang kakayahan na gumawa ng may saysay na Advance Health Directive, humiling sa iyong doktor ng pagtatasa. Maaari mo ring tanungin ang iyong doktor kung nag-aalala ka na ang iyong kakayahang gumawa ng mga desisyon ay maaaring pagdudahan sa hinaharap.

Sino ang gagawa ng mga desisyon tungkol sa iyong paggamot at pangangalaga kung ikaw ay nawalan na ng kakayahang gumawa o magpahayag ng iyong mga desisyon?

Kung hindi mo na kayang gumawa o magpahayag ng mga desisyon tungkol sa iyong paggamot at pangangalaga, dapat sundin ng mga propesyonal sa kalusugan ang [Hierarchy ng mga tagagawa ng desisyon \(Hierarchy of treatment decision-makers\)](#) sa paggamot kapag kailangang gumawa ng mga desisyon sa paggamot para sa iyo.

Ipinapaliwanag sa Hierarchy ng mga tagagawa ng desisyon sa paggamot, na nasa susunod na pahina, ang pagkakasunud-sunod ng mga tagagawa ng desisyon na dapat sundin ng mga propesyonal sa kalusugan kapag nangangailangan ng desisyon sa paggamot para sa iyo. Ang Advance Health Directive ang unang titingnan ng isang propesyonal sa kalusugan upang makatulong sa paggawa ng mga desisyon tungkol sa iyong pangangalaga sa hinaharap.

Paano kung hindi ako gumawa ng Abanseng Direktiba sa Kalusugan (Advance Health Directive)?


Kung hindi ka gagawa ng Advance Health Directive, dapat lapitan ng isang propesyonal sa kalusugan ang unang taong nakalista sa hierarchy, na may 18 taong gulang o mas matanda, may ganap na legal na kapasidad, at may panahon at handang gumawa ng desisyon sa paggamot.

Kung ang unang tao ay walang panahon at hindi handang gumawa ng desisyon, ang propesyonal sa kalusugan ay maaaring lumapit sa kasunod na tao sa hierarchy, at iba pa.

Ano ang Hierarchy ng mga tagagawa ng desisyon sa paggamot?

Ang Hierarchy ng mga tagagawa ng desisyon sa paggamot ay ginagamit lamang ng mga propesyonal sa kalusugan kung nawalan ka na ng kakayahang gumawa at/o magpahayag ng mga desisyon tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan.

Hierarchy ng mga tagagawa ng desisyon sa paggamot



Kahit na nagtalaga ka ng enduring guardian, maaari mo pa ring piliin na gumawa ng Advance Health Directive upang maipaalam ang iyong mga kagustuhan tungkol sa mga partikular na paggamot na mahigpit ang iyong opinyon.

Tingnan ang [Mga Madalas Itanong](#) sa Seksyon 3: Makakatulong na impormasyon, para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga enduring guardian.

Seksyon 2: Hakbang-hakbang na gabay

Ang seksyong ito ay nagbibigay ng hakbang-hakbang na gabay sa paggawa ng Advance Health Directive, kasama ang mga halimbawa upang matulungan ka.

Mga Bahagi ng Abanseng Direktiba sa Kalusugan (Advance Health Directive)

Upang magkaroon ng saysay ang isang Advance Health Directive, dapat mong kumpletuhin ang Bahagi 1, 4 at 6.

Ang **Bahagi 1** ay kung saan mo isusulat ang iyong mga personal na detalye. Dapat mong kumpletuhin ang Bahagi 1.

Ang **Bahagi 2** ay kung saan mo isusulat ang anumang pangunahing karamdaman na mayroon ka.

Ang **Ikatlong Bahagi** ay kung saan mo isusulat ang mahalaga sa iyo at ang iyong mga pinahahalagahan at kahilingan tungkol sa iyong pangangalaga sa hinaharap.

Ang **Bahagi 4** ay kung saan mo isusulat ang mga paggamot at pangangalaga (kabilang ang mga aktibidad sa medikal na pananaliksik) na gusto mo o hindi mo gusto sa hinaharap. **Dapat** mong isama kahit isa man lang na desisyon sa paggamot sa Bahagi 4 upang makagawa ng may saysay na Advance Health Directive.

Ang **Bahagi 5** ay kung saan mo isusulat ang mga detalye ng mga taong tumulong sa iyong kumpletuhin ang iyong Advance Health Directive.

Ang **Bahagi 6** ay kung saan mo lalagdaan ang iyong Advance Health Directive. **Dapat** mong kumpletuhin ang Bahagi 6 at ang iyong lagda ay **dapat** masaksihan (ang mga detalye tungkol sa mga kahingian sa pagsaksi) ay nakasaad sa [Bahagi 6](#).

Bahagi 1: Ang aking mga personal na detalye

Dapat mong kumpletuhin ang bahaging ito ng Advance Health Directive.

Dapat mong punan:

- ang petsa kung kailan ginawa ang Advance Health Directive
- ang iyong buong pangalan, petsa ng kapanganakan at tirahan upang ikaw ay makilala.

Opsyonal para sa iyo na isama ang iyong numero ng telepono at email address. Inirerekomenda na isama mo ang kahit isa man lang sa dalawang ito upang ikaw ay makontak kung kinakailangan.

Kung magbabago ang iyong address, numero ng telepono o email sa hinaharap, may saysay pa rin ang iyong Advance Health Directive.

Tingnan ang [Mga Madalas Itanong](#) sa Seksyon 3: Makakatulong na impormasyon para sa karagdagang impormasyon kung paano babaguin ang mga detalye sa pakikipag-ugnayan.



Bahagi 2: Ang aking kalusugan

Maaari mong piliing kumpletuhin ang ilan, lahat, o wala man lang sa mga tanong sa Bahagi 2. Lagyan ng ekis ang anumang mga tanong na ayaw mong sagutin.

Maaari mong gamitin ang Bahagi 2 upang ilista ang anumang pangunahing kondisyon sa kalusugan at alalahanin na mayroon ka. Maaari mo ring gamitin ang Bahagi 2 upang isulat ang mga bagay na mahalaga sa iyo kapag pinag-uusapan ang iyong kalusugan.

2.1 Ang aking mga pangunahing kondisyon sa kalusugan

Sa Bahagi 2.1 maaari mong isulat ang mga detalye ng anumang kasalukuyang pangunahing kondisyon ng kalusugan na mayroon ka. Maaari mong isama ang mga kondisyon ng kalusugan ng katawan a/o pag-iisip. Maaari mo ring isama ang anumang mahahalagang isyu mo dati sa kalusugan.

Mga halimbawa

- Nadiyagnos ako na may kanser sa bituka 6 na taon na ang nakakaraan. Ako ay sumailalim sa operasyon at chemotherapy. Nasa remission ako ngayon ngunit sinabihan ako na may posibilidad na bumalik ang kanser sa bituka sa hinaharap.
- Ako ay nakasama sa isang aksidente sa sasakyan 5 taon na ang nakakaraan. Nakakaranas pa rin ako ng talamak na pananakit ng likod. Sinabihan ako na ang pananakit ng aking likod ay malamang na hindi na gagaling.
- Nadiyagnos ako kamakailan na may sakit na motor neurone. Sinabihan ako na ang aking kalusugan ay malamang na mabilis lumala. Malapit na akong mangailangan ng maraming tulong sa mga pang-araw-araw na gawain tulad ng paliligo at pagbibihis.

2.2 Kapag nakikipag-usap sa akin tungkol sa aking kalusugan, ang mga bagay na ito ay mahalaga sa akin

Sa Bahagi 2.2 maaari mong isulat kung ano ang mahalaga sa iyo kapag nakikipag-usap sa mga propesyonal sa kalusugan tungkol sa iyong kalusugan. Kabilang dito ang dami ng impormasyong gusto mong ibigay sa iyo bago ka gumawa ng mga desisyon. Kasama rin dito ang mga detalye ng sinumang miyembro ng pamilya/kaibigan na gusto mong kasama kapag nakikipag-usap sa mga propesyonal sa kalusugan tungkol sa iyong mga opsyon sa paggamot at pangangalaga.

Ang Kuwento ni Trish

Si Trish (65 taon) ay nadiyagnos na may stage 4 na kanser sa suso. Sa kanyang Advance Health Directive, sinabi ni Trish na ang kanyang malapit na kaibigan na si Kay (isang nars), ay dadalo sa lahat ng kanyang mga medikal na appointment dahil alam ni Trish kung paano pinakamahusay na ipapaliwanag ang impormasyon sa paraang mauunawaan ni Trish.

Mga halimbawa

- Gusto kong mabigyan ng maraming detalye tungkol sa aking mga kondisyon sa kalusugan at mga opsyon sa paggamot, upang lubos kong maunawaan ang aking mga pagpipilian at kung ano ang maaaring mangyari sa akin.
- Ingles ang aking pangalawang wika. Gusto kong kasama ang aking anak na lalaki o babae sa mga appointment sa aking GP at mga espesyalista.

Tandaan: Maaaring gusto mo ring gumawa ng Enduring Power of Guardianship kung mayroong isang taong kilalang-kilala mo at pinagkakatiwalaan na gagawa ng mga desisyon para sa iyo.

Tingnan ang [Mga Madalas Itanong](#) sa Seksyon 3: Makakatulong na impormasyon para sa higit pang impormasyon sa pagtatalaga ng isang enduring guardian.

Bahagi 3: Ang aking mga pinahahalagahan at kagustuhan

Maaari mong piliing kumpletuhin ang ilan, lahat, o wala man lang sa mga tanong sa Bahagi 3. Lagyan ng ekis ang anumang tanong na ayaw mong sagutin.

Maaari mong gamitin ang Bahagi 3 upang isulat ang mga bagay na pinakamahalaga sa iyo tungkol sa iyong kalusugan at pangangalaga sa kalusugan. Maaari mong isama ang mga bagay tungkol sa iyong kalusugan sa hinaharap na nagbibigay sa iyo ng pag-aalala. Ito ay tutulong sa mga taong malapit sa iyo at sa mga propesyonal sa kalusugan na kasangkot sa iyong pangangalagang pangkalusugan na malaman kung ano ang mahalaga sa iyo kung hindi mo na kayang gumawa o magpahayag ng mga desisyon.

Ang pag-isipan at pag-usapan kung ano ang mahalaga sa iyong kalusugan sa hinaharap at ang iyong mga kahilingan para sa katapusan ng iyong buhay ay maaaring mahirap gawin. Humingi ng tulong kung kailangan mo ng suporta habang kinukumpleto mo ang bahaging ito ng form.

3.1 Ang mga bagay na ito ay mahalaga sa akin

Hinihiling sa iyo ng Bahagi 3.1 na ilarawan kung ano ang kahulugan ng 'mabuhay nang maayos' para sa iyo. Halimbawa, kung ano ang hahanap-hanapin mo nang husto kung magkasakit ka at hindi na magawang ipagpatuloy ang pamumuhay na ginagawa mo sa ngayon.

Kasama sa bahaging ito ng form ang listahan ng mga bagay na maaaring mahalaga sa iyo. Maaari mong lagyan ng tsek ang lahat ng mga kahon na naaangkop sa iyo. Maaari mo ring isulat ang mga aktibidad, interes o libangan na mahalaga sa iyo.

Mga halimbawa

- Ang paggugol ng oras sa pamilya at mga kaibigan ay mahalaga sa akin.
- Ang madalas na pagdalaw sa akin ng aking anak na babae ay napakahalaga sa akin.
- Ang mga alagang hayop sa aking tabi o kahit man lang regular na makita ang mga ito ay mahalaga sa akin.
- Naging bahagi ako ng komunidad ng lesbian sa buong buhay ko at gusto kong magpatuloy ang ugnayang ito.
- Ako ay isang Tsino at nasisiyahang makasama ng ilang oras ang mga taong marunong magsalita ng Cantonese.

Ang Kuwento ni Rita

Si Rita (87 taon) ay regular na bumibisita sa kanyang Croatian Club upang makita ang kanyang mga kaibigan, magsalita sa kanyang unang wika na Hrvatska at maglaro ng mga tradisyonal na laro mula sa kanyang bansa. Isinulat ni Rita sa kanyang Advance Health Directive na ayaw niyang bumisita sa Club kung hindi na siya makapagsalita o hindi na madaling kumilos.

3.2 Ito ang mga bagay na nagbibigay sa akin ng pag-aalala kapag iniisip ko ang aking kalusugan sa hinaharap

Hinihiling sa iyo sa Bahagi 3.2 na ilarawan kung ano ang ipinag-aalala mo tungkol sa iyong kalusugan at pangangalagang pangkalusugan sa hinaharap. Halimbawa, anumang permanenteng resulta ng sakit o pinsala na hindi katanggap-tanggap para sa iyo.

Kung magkasakit o mapinsala ka sa hinaharap, ang paggamot at pangangalaga ay maaaring makatulong sa iyo na gumaling at ang iyong kalusugan ay maaaring manumbalik sa dating lagay nito bago ka nagkasakit. Gayunpaman, depende sa iyong sakit o pinsala, posible na makatulong lamang ng bahagya ang paggamot at pangangalaga at maaaring hindi na magiging katulad ng dati ang iyong pamumuhay.

Mga halimbawa

- Nag-aalala ako na patuloy na makaranas ng pananakit.
- Nag-aalala ako na baka hindi na ako makapagpahayag o maintindihan ng aking pamilya at mga kaibigan.
- Hindi ako magiging masaya kung hindi ko na kayang mamuhay nang nagsasarili.
- Hindi magiging katanggap-tanggap sa akin kung hindi ko kayang kumain nang mag-isa.
- Mahirap sa kalooban ko kung hindi ko na makikilala ang aking pamilya at mga kaibigan.

Ang Kuwento ni Nicole

Si Nicole (43 taon) ay nadiyagnos kamakailan na may sakit na Parkinson. Sa kanyang Advance Health Directive, isinulat niya na hindi katanggap-tanggap sa kanya kung panghabambuhay na siyang hindi makakakain nang mag-isa. Gustong ipaalam ni Nicole sa kanyang pamilya kung ano ang mahalaga sa kanya dahil aalagaan siya ng mga ito kung ang sakit ay magresulta sa kawalan niya ng kontrol sa kanyang mga kamay at iba pang bahagi ng katawan.



3.3 Kapag malapit na akong mamatay, ito ang gusto kong puntahan

Hinihiling sa iyo ng Bahagi 3.3 na ilarawan kung saan mo gustong gugulin ang iyong mga huling araw o linggo kung malapit ka nang mamatay.

Mayroong 4 na opsyon na nakasaad sa bahaging ito ng form. Maaari kang pumili ng isang opsyon lamang. Maaari kang maglagay ng mas maraming detalye tungkol sa opsyong pipiliin mo sa ibinigay na kahon.

Mga halimbawa:

- Ang pagiging malapit sa kalikasan ay mahalaga sa akin. Gusto kong pumunta sa isang lugar na may hardin ng mga bulaklak o malapit sa dalampasigan.
- Napakahalagang bahagi ng aking buhay ang pamilya at mga kaibigan. Mas gugustuhin kong nasa lugar na malapit sa kanila hangga't maaari para madali at regular nila akong mabibisita.
- Nagpapakilala ako bilang isang bakla at mahalaga sa akin na mapunta sa isang lugar kung saan tinatanggap at iginagalang ang aking sekswalidad.

Ang Kuwento ni Raymond

Si Raymond (95 taon) ay nanirahan sa isang pasilidad sa pangangalaga sa matatanda sa huling 5 taon ng kanyang buhay. Ang pasilidad ay naging tahanan niya. May Advance Health Directive si Raymond. Isinulat niya na gusto niyang mamatay kung saan siya nakatira, sa piling ng kanyang pamilya. Mabilis na lumubha ang kalusugan ni Raymond. Ginamit ng kanyang mga propesyonal sa kalusugan ang kanyang Advance Health Directive para gabayan ang kanyang pangangalaga sa mga huling linggo ng kanyang buhay. Namatay siya nang mapayapa sa pasilidad ng pangangalaga sa matatanda na napapalibutan ng kanyang pamilya.



3.4 Kapag malapit na akong mamatay, ang mga bagay na ito ay mahalaga sa akin

Hinihiling sa iyo sa Bahagi 3.4 na isulat kung ano ang nagdudulot sa iyo ng kaginhawahan at kung sino ang gusto mong makasama kapag malapit ka nang mamatay. Ang pag-isipan ang iyong mga kahilingan para sa katapusan ng iyong buhay ay maaaring mahirap gawin. Isipin kung ano ang pinakamahalaga sa iyo sa oras na iyon. Maaaring gusto mong isipin kung anong mga espirituwal, pangrelihiyon o kultural na mga tradisyon ang mahalaga sa iyo o kung ano ang malamang na magdulot sa iyo ng kaginhawaan o kapayapaan.

Maaari mong lagyan ng tsek ang lahat ng mga kahon na naaangkop sa iyo. Maaari kang maglagay ng mas maraming detalye sa mga ibinigay na kahon.

Mga halimbawa:

- Ako ay isang Aboriginal Elder. Mahalagang maisakatuparan ng aking pamilya at komunidad ang mga sagrado at kinagawiang tradisyon ng aking kultura, bago ang araw, sa mismong araw at pagkatapos ng aking kamatayan.
- Kapag naghihingalo na ako, gusto kong malamlam ang ilaw ng aking silid at may musikang mapagnilay. Ito ang kapaligiran na nakakakalma para sa akin.
- Kung ako ay naghihingalo na, ayaw kong pumunta sa ospital maliban kung ang aking kaginhawahan at dignidad ay hindi na mapapanatili sa bahay.
- Ako ay isang Hindu at gusto kong mapalibutan ng aking kamag-anak upang maisagawa nila ang ilang tradisyonal na mga ritwal.

Ang Kuwento ni Tita

Si Tita (64 na taon) ay nagkaroon ng mga isyu sa kalusugan tulad ng diyabetis nang maraming taon. Ang kanyang mga kamag-anak ay nakatira sa Turkey Creek. Kung siya ay magkasakit nang malubha, gusto niyang iuwi siya ng kanyang anak na si Carol sa bansa kung kaya pa niyang maglakbay at kung hindi ito masyadong pabigat sa kanyang pamilya. Ang pagsulat nito sa kanyang Advance Health Directive ay nagbibigay sa kanya ng payapang isipan dahil malinaw ang kanyang mga kahilingan.



Bahagi 4: Ang aking mga desisyon sa paggamot sa Advance Health Directive

Dapat kang gumawa ng kahit man lang isang desisyon sa paggamot sa Bahagi 4 upang makagawa ng may saysay na Advance Health Directive. Lagyan ng ekis ang anumang bahagi na hindi mo gustong sagutin.

Maaari mong gamitin ang Bahagi 4 upang gumawa ng mga desisyon tungkol sa mga paggamot na gusto mo o hindi mo gusto sa hinaharap. Kabilang dito ang mga paggamot o interbensyon na maaaring gamitin upang mapanatili kang buhay. Ang mga ito ay tinatawag na 'life-sustaining treatments'. Maaari ka ring gumawa ng mga desisyon kung gusto mong makilahok sa medikal na pananaliksik sa hinaharap. Dapat sundin ng mga propesyonal sa kalusugan ang mga desisyon na iyong inilista sa Bahagi 4.

Ang paggamot ay anumang medikal o surgical na paggamot, kabilang ang palyatibong pangangalaga at mga hakbang na nagpapanatili ng buhay, paggamot sa ngipin, o iba pang pangangalagang pangkalusugan.

Ang desisyon sa paggamot sa Advance Health Directive ay desisyon ng pagpayag o pagtanggap simulan o ipagpatuloy ang anumang paggamot.

Lubos na inirekomenda na talakayin mo ang iyong mga desisyon sa paggamot sa iyong doktor bago mo kumpletuhin ang iyong Advance Health Directive.

Ang iyong doktor at iba pang mga propesyonal sa kalusugan ay maaaring magbigay ng payo tungkol sa mga opsyon sa paggamot at kung paano ka maaapektuhan ng mga ito.

4.1 Mga desisyon sa paggamot na nagpapanatili ng buhay

Lagyan ng ekis ang tanong na ito kung ayaw mong sagutin. Tandaan: Dapat kang gumawa ng kahit man lang isang desisyon sa paggamot sa Bahagi 4 upang makagawa ng may saysay na Advance Health Directive.

Hinihiling sa iyo ng Bahagi 4.1 na gumawa ng mga desisyon tungkol sa mga paggamot o mga interbensyon na gusto mo o hindi mo gusto upang panatilihin kang buhay sa hinaharap. Gagamitin lang ang impormasyong ito kung hindi ka na makagawa o makapagpasya para sa iyong sarili.

Kung gumagawa ng mga desisyon kung aling mga paggamot na nagpapanatili ng buhay ang gusto mo o hindi mo gusto, isipin ang mga bagay na iyong inilista na mahalaga sa iyo sa [Bahagi 3: Aking mga pinahahalagahan at kagustuhan](#).

Upang matulungan kang kumpletuhin ang bahaging ito ng form, makipag-usap sa iyong doktor at/o iba pang mga propesyonal sa kalusugan tungkol sa:

- kung anong mga iba't ibang paggamot na nagpapanatili ng buhay ang maaaring kailanganin mo sa hinaharap
- kung ano ang mga panganib at side-effect ng mga posibleng paggamot na nagpapanatili ng buhay
- kung paano maaaring maapektuhan ang iyong pangmatagalang kalusugan at kalidad ng buhay ng iba't ibang paggamot na nagpapanatili ng buhay.



Napapailalim sa ilang limitadong iksepsyon, ang mga propesyonal sa kalusugan ay dapat sumunod sa iyong mga direksyon para sa mga paggamot na nagpapanatili ng buhay. Gayunpaman, dahil nakumpleto mo ang Bahagi 4.1, hindi ito nangangahulugan na tiyak na kakailanganin mo o tatanggap ka ng mga paggamot na iyong pinili. Kung ang isang paggamot ay hindi makakatulong sa iyo, ang iyong doktor ay hindi obligadong ibigay ito.

Tingnan ang [Mga Madalas Itanong](#) sa Seksyon 3: Makakatulong na impormasyon para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga paggamot na nagpapanatili ng buhay.

Mayroong 5 mga opsyon sa Bahagi 4.1. Maaari kang pumili ng isang opsyon lamang.

- **Opsyon 1:** Sumasang-ayon ako sa lahat ng paggamot na naglalayong itaguyod o pahabain ang aking buhay.
- **Opsyon 2:** Sumasang-ayon ako sa lahat ng paggamot na naglalayong panatilihin o pahabain ang aking buhay maliban kung maliwanag na ako ay malubhang napinsala o may-sakit na walang makatwirang pag-asa na ako ay gagaling at makakayang mabuhay nang walang patuloy na paggamot na nagpapanatili ng buhay. Sa ganoong sitwasyon, binabawi ko ang pahintulot sa mga paggamot na nagpapanatili ng buhay.
- **Opsyon 3:** Tinatanggihang magpahintulot sa anumang paggamot na naglalayong panatilihin o pahabain ng aking buhay.
- **Opsyon 4:** Ginagawa ko ang sumusunod na mga desisyon tungkol sa mga partikular na paggamot na nagpapanatili ng buhay gaya ng nakalista sa talahanayan sa ibaba.
- **Opsyon 5:** Hindi ako makapagpasya sa ngayon.

Ang iyong mga desisyon sa Bahagi 4.1 ay tumutukoy lamang sa mga paggamot na nagpapanatili ng buhay. Ang mga propesyonal sa kalusugan ay magbibigay pa rin ng pangangalaga upang mabawasan ang sakit at gawin kang komportable (ibig sabihin, palyatibong pangangalaga), kahit na pinili mong tanggihan ang lahat ng paggamot na nagpapanatili ng buhay.

Kung hindi mo gustong tumanggap ng mga paggamot sa palyatibong pangangalaga, kailangan mong isaad ito sa Part 4.2.

Kung pipiliin mo ang Opsyon 4 kakailanganin mong gumawa ng mga desisyon tungkol sa iba't ibang uri ng paggamot na nagpapanatili ng buhay na gusto mo o hindi mo gustong matanggap.



Bawat isa ay may kanya-kanyang pananaw tungkol sa mga paggamot na gusto niya o ayaw niyang tanggapin. Ang mga halimbawa sa ibaba ay maaaring makatulong sa iyo habang isinasaalang-alang mo ang iyong mga pagpipilian. Maaaring nais mo ring magbigay ng mas maraming detalye. Maaari mong piliin ang Opsyon 5 kung hindi ka pa handang gumawa ng desisyon tungkol sa mga paggamot na nagpapanatili ng buhay na gusto mo o hindi mo gusto sa hinaharap.

Mga halimbawa

Halimbawa: Opsyon 1 – Ang Kuwento ni Nathan

- Inatake sa puso si Nathan 5 linggo ang nakalipas. Sinabi sa kanya ng kanyang GP na malaki ang posibilidad na kailanganin niya ang operasyon sa puso. Gusto ni Nathan ang lahat ng paggamot na maaaring magpanatili o magpahaba ng kanyang buhay.
- **Pinili ni Nathan ang: Opsyon 1 – Pumapayag ako sa lahat ng paggamot na naglalayong itaguyod o pahabain ang aking buhay.**

Halimbawa: Opsyon 2 – Ang Kuwento ni Linda

- Si Linda ay nadiyagnos na may sakit sa bato. Namatay ang kanyang ina dahil sa pagbagsak ng bato (kidney failure). Naalala ni Linda na ang kanyang ina ay nakaranas ng maraming pagduduwal sa pagtatapos ng kanyang buhay. Naaalala niya na ang pagduduwal ay pinalala ng mga paggamot para sa pinag-uugatang sakit, kahit na walang makatwirang pag-asa na siya ay gagaling dito. Hindi ito gusto ni Linda para sa kanyang sarili.
- **Pinili ni Linda ang: Opsyon 2 – Pumapayag ako sa lahat ng paggamot na naglalayong itaguyod o pahabain ang aking buhay maliban kung maliwanag na ako ay malubhang napinsala o nagkasakit na walang makatwirang pag-asa na ako ay gagaling at magagawa kong mabuhay nang walang tuluy-tuloy na paggamot na nagpapanatili ng buhay. Sa ganoong sitwasyon, binabawi ko ang pahintulot sa mga paggamot na nagpapanatili ng buhay.**

Halimbawa: Opsyon 3 – Ang Kuwento ni Mia

- Dati nang ginagamot si Mia para sa kanser sa suso. Kakasabi pa lang sa kanya na bumalik na ang kanyang kanser, at ang paggagamot na iyon ay malamang na hindi pahahabain ang kanyang buhay nang mahigit sa ilang buwan.
- Ang kaibigan ni Mia ay may kanser sa suso at si Mia ay may matinding damdamin tungkol sa chemotherapy na natanggap niya na nagpatagal sa kanyang buhay at sa kanyang pagdurusa. Napagpasyahan ni Mia na sa pagkakataong ito ay ayaw na niya ng anumang paggamot na magpapaantala sa kanyang kamatayan at gusto niyang ituon ng kanyang mga propesyonal sa kalusugan ang pagpapanatiling komportable sa kanya at walang sakit hangga't maaari.
- **Pinili ni Mia ang: Opsyon 3 – Tumatanggi akong pumayag sa anumang paggamot na naglalayong itaguyod o pahabain ang aking buhay.**

Halimbawa: Opsyon 4 – Ang Kuwento ni Peter

- Si Peter ay nadiagnos na may chronic obstructive pulmonary disease (isang malalang sakit sa baga). Siya ay 70 taong gulang at alam niyang lalala lamang ang kanyang kalagayan. Bagama't sa palagay niya ay maaari pa rin siyang magkaroon ng magandang kalidad ng buhay habang naninirahan sa bahay, kahit na nangangahulugan ito ng paggamit ng oxygen, ayaw niyang **permanenteng** naka-breathing machine sa isang nursing home o ospital.
- **Pinili ni Peter ang: Opsyon 4 – Ginagawa ko ang mga sumusunod na desisyon tungkol sa mga partikular na paggamot na nagpapanatili ng buhay gaya ng nakalista sa talahanayan sa ibaba.**
 - **Nilagyan niya ng tsek ang kahon (B) para sa tinutulungang makahinga (assisted ventilation) at ibinigay ang sumusunod na mga detalye:** Kung pansamantala lang at kung makakauwi ako, kahit na may oxygen. Hindi ko gustong permanenteng naka-breathing machine sa ospital o sa isang nursing home.
 - **Nilagyan niya ng tsek ang kahon (C) para sa lahat ng iba pang paggamot:** Tinatanggihan ko ang lahat ng iba pang paggamot na nagpapanatili ng buhay.

Halimbawa: Opsyon 5 – Ang Kuwento ni William

- Si William ay 25 taong gulang at hindi pa nakaranas mamatayan ng isang malapit na miyembro ng pamilya o nakaranas na may sinumang malapit sa kanya ay mangailangan ng paggamot na nagpapanatili ng buhay.
- **Pinili ni William ang: Opsyon 5 – Hindi ako makapagpasya sa ngayon.**

4.2 Iba pang mga desisyon sa paggamot

Lagyan ng ekis ang tanong na ito kung ayaw mong sagutin. Tandaan: Dapat kang gumawa ng kahit man lang isang desisyon sa paggamot sa Bahagi 4 upang makagawa ng may saysay na Advance Health Directive.

Hinihiling sa iyo ng Bahagi 4.2 na gumawa ng mga desisyon tungkol sa iba pang mga paggamot (bukod sa mga paggamot na nagpapanatili ng buhay sa Bahagi 4.1) na gusto mo o hindi mo gustong tanggapin sa hinaharap. Gagamitin lang ang impormasyong ito kung hindi ka na makagawa o makapagpahayag ng mga desisyon.

Maaaring kabilang sa iba pang mga paggamot ang mga gamot na ginagamit upang maiwasan ang ilang partikular na kondisyon sa kalusugan (hal. aspirin, mga paggamot sa kolesterol), o mga pagsasalin ng dugo.

Kung naglista ka ng desisyon tungkol sa isang partikular na paggamot, dapat mong ilarawan ang (mga) pagkakataon kung kailan gusto mo o hindi mo gustong tanggapin ang paggamot na iyon.

Halimbawa, kung ayaw mong tumanggap ng aspirin, iyon ba ay para sa lahat ng pagkakataon o sa mga partikular na pagkakataon lamang?

Maaari kang magbigay ng detalye sa mga kahon na nakalaan. Kung kailangan mo ng karagdagang espasyo, kumpletuhin ang mga karagdagang pahina para sa [Bahagi 4.2 – Iba pang mga desisyon sa paggamot](#) na kasama sa gabay na ito at ilakip ang mga ito sa Bahagi 4.2 ng iyong Advance Health Directive.

Tingnan ang [Mga Madalas Itanong](#) sa Seksyon 3: Makakatulong na impormasyon para sa higit pang impormasyon kung paano magdadagdag ng mga pahina sa iyong Advance Health Directive.

Mga halimbawa

Mga kalagayan ng kalusugan	Ang aking mga desisyon sa paggamot
Mayroon akong napakataas na kolesterol	Huwag mo akong bigyan ng mga cholesterol absorption inhibitor. Hindi ko makayanan ang mga side effect nito.
Lahat ng sirkumstansya	Huwag mo akong sasalinan ng dugo o anumang produkto ng dugo. Ito ay labag sa aking pananampalataya.
Dumaranas ako ng regular na migraine	Huwag mo akong bigyan ng aspirin. Sumasakit ang tiyan ko dito.

4.3 Medikal na pananaliksik

Lagyan ng ekis ang tanong na ito kung ayaw mong sagutin. Tandaan: Dapat kang gumawa ng kahit man lang isang desisyon sa paggamot sa Bahagi 4 upang makagawa ng may saysay na Advance Health Directive.

Hinihiling sa iyo ng Bahagi 4.3 na gumawa ng mga desisyon tungkol sa pakikibahagi sa medikal na pananaliksik. Gagamitin lang ang impormasyong ito kung hindi ka na makagawa o makapagpahayag ng mga desisyon.

Ang pakikibahagi sa medikal na pananaliksik ay maaaring makatulong sa pagsulong ng kaalaman sa medisina at siyensya upang maiwasan, matukoy at/o magamot ang sakit. Ang Bahagi 4.3 ay naglilista ng iba't ibang uri ng mga aktibidad sa medikal na pananaliksik. Maaari mong lagyan ng tsek ang (mga) sirkumstansya kung kailan ka pumapayag o hindi pumapayag na makilahok sa mga nakalistang aktibidad sa medikal na pananaliksik. Ang talahanayan sa ibaba ay nagbibigay ng mga halimbawa ng bawat aktibidad sa medikal na pananaliksik na nakalista sa Bahagi 4.3.

Ang medikal na pananaliksik ay kailangang isagawa sa ilalim ng mahigpit na mga patnubay at may pag-apruba mula sa isang lupon ng mga dalubhasa sa pananaliksik na kinasasangkutan ng mga tao (ang Human Research Ethics Committee na sumusunod sa *National Statement on Ethical Conduct in Human Research*).

Kung papayag kang makilahok sa medikal na pananaliksik sa hinaharap, ilalapat lang ito sa pananaliksik na naaprubahan ng Human Research Committee at sumusunod sa mga pambansang patnubay sa pananaliksik. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa medikal na pananaliksik, bisitahin ang website ng Tanggapan ng Pamublikong Tagapagtaguyod (Office of the Public Advocate) sa publicadvocate.wa.gov.au. Ang [Mga karaniwang ginagamit na salita](#) sa Seksyon 3: Makakatulong na impormasyon ay nagbibigay din ng karagdagang impormasyon.



Mga aktibidad sa pananaliksik	Halimbawa ng ganitong uri ng pananaliksik
Ang paggamit ng kagamitan o aparato	Pagsubok sa kahusayan ng isang bagong uri ng oxygen mask o pacemaker.
Ang pagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan na wala pang suporta ng malaking bilang ng mga doktor (practitioners) sa larangan ng pangangalagang pangkalusugan na iyon	Pagsubok ng bagong gamot o uri ng kagamitan na hanggang ngayon ay nakita lamang na gumagana sa isang pag-aaral na may maliit na bilang ng mga pasyente.
Pagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan para magsagawa ng pagkukumparang pagtatasa (comparative assessment)	Isang pag-aaral na ipinaghahambing ang mga epekto sa isang sakit ng 2 magkaibang gamot o paggamot. Sa ganitong uri ng pananaliksik, ang isang grupo ng mga pasyente ay tatanggap ng isang uri ng paggamot at ang pangalawang grupo ng mga pasyente ay tatanggap ng ibang uri ng paggamot.
Pagkuha ng mga sample ng dugo	Pananaliksik na kinasasangkutan ng pagkuha ng dugo para masuri sa laboratoryo upang maghanap ng mga pagbabago, hal. pagbabago sa bilang o uri ng mga selula ng dugo.
Pagkuha ng (mga) sample ng tisyu o likido mula sa katawan, kabilang ang sa bibig, lalamunan, lukab ng ilong, mata o tainga	Ang pag-biopsy ng nunal o pekas (kung saan humihiwa ng bahagi ng nunal o pekas gamit ang local anaesthetic) upang maghanap ng mga palatandaan ng kanser sa balat. Pag-swab sa loob ng ilong upang suriin kung may virus o bakteryas.
Anumang hindi mapanghimasok na pagsusuri sa bibig, lalamunan, lukab ng ilong, mata o tainga	Ang paggamit ng ilaw upang tingnan ang tainga, mata o bibig at hanapin ang anumang pagbabago o palatandaan ng sakit.
Isang hindi mapanghimasok na pagsusuri sa taas, timbang o paningin	Paggamit ng timbangan upang timbangin ang isang tao. Ang pagsusuri sa mata upang suriin ang paningin ng isang tao.
Inoobserbahan	Mga pagsusuri kung saan tinatasa ang bilis ng paghinga o kadalian ng paggalaw ng isang tao habang gumagawa ng iba't ibang uri ng aktibidad.
Pagsali sa survey, panayam o focus group	Pagsagot sa survey sa papel o internet na may mga tanong tungkol sa paggamot o pangangalaga. Pagdalo sa isang panayam o maliit na pagpupulong ng grupo upang magbahagi ng mga ideya kung ano ang maaaring magpabuti sa karanasan sa pangangalaga.
Pagkolekta, paggamit o pagsisiwalat ng impormasyon, kasama ang	Pananaliksik kung saan ang impormasyon mula sa mga medikal na rekord ng isang pasyente ay ibinabahagi (nang may pahintulot ng pasyente) sa mga mananaliksik, kasama ang impormasyon mula sa iba pang mga rekord ng pasyente upang maunawaan ang mga pagkakaiba at pagkakatulad sa mga grupo ng mga pasyente, halimbawa, kung gaano kadalas ipinapasok sa ospital ang mga taong may partikular na sakit sa loob ng 10 taon.
Isinasaalang-alang o sinusuri ang mga sample o impormasyong nakuha mula sa aktibidad na nakalista sa itaas	Paghahambing ng mga resulta ng mga pagsusuri sa dugo mula sa iba't ibang mga pasyente upang maghanap ng mga pagkakatulad at pagkakaiba bilang bahagi ng pananaliksik upang maunawaan ang isang sakit at paggamot nito.

Part 5: Mga taong tumulong sa akin na kumpletuhin ang aking Advance Health Directive

Maaari mong piliing kumpletuhin ang ilan, lahat, o wala man lang sa mga tanong sa Bahagi 5. Lagyan ng ekis ang anumang tanong na ayaw mong sagutin.

Maaaring kailangan mong maglagay ng karagdagang impormasyon sa iyong Advance Health Directive para sa ilang tanong (hal. Pahayag ng tagasalinwika).

Maaari mong gamitin ang Bahagi 5 para ilista ang mga taong tumulong sa iyong kumpletuhin ang iyong Advance Health Directive.

5.1 Ginamit mo ba ang serbisyo ng isang tagasalinwika sa pagkumpleto sa form na ito?

Ang Bahagi 5.1 ay nagtatanong sa iyo kung kumuha ka ng isang tagasalinwika habang ginagawa ang iyong Advance Health Directive.

Mayroong 3 pagpipilian para sa tanong na ito:

- **Opsyon 1: Ingles ang aking unang wika – hindi ko kinailangang kumuha ng tagasalinwika.**
Piliin ang opsyong ito kung tiwala ka sa iyong kakayahan sa wikang Ingles at hindi kumuha ng tagasalinwika sa pagkumpleto ng form.
- **Opsyon 2: Hindi Ingles ang aking unang wika – kumuha ako ng tagasalinwika sa paggawa ng Advance Health Directive na ito at naglakip ako ng pahayag ng tagasalinwika.**
Piliin ang opsyong ito kung kumuha ka ng tagasalinwika para isalin ang form. Dapat mong kumpletuhin ang [pahayag ng tagasalinwika](#) na kasama sa gabay na ito at ilakip ito sa Bahagi 5.1 ng iyong Advance Health Directive.
- **Opsyon 3: Hindi Ingles ang aking unang wika – hindi ako kumuha ng tagasalinwika sa paggawa ng Advance Health Directive na ito.**
Piliin ang opsyong ito kung hindi Ingles ang iyong unang wika ngunit kinumpleto mo ang form nang walang tulong mula sa isang tagasalinwika.

Maaari mong lagyan ng tsek ang isang kahon lamang o maaari mong Lagyan ng ekis ang tanong na ito kung ayaw mong sagutin ito.

Kung pipiliin mo ang Opsyon 2, inirerekumenda na ikaw at ang iyong tagasalinwika ay sumangguni sa [Mga Madalas Itanong](#) sa Seksyon 3: Makakatulong na impormasyon para sa karagdagang impormasyon sa pagkuha ng tagasalinwika.

Kung pipiliin mo ang Opsyon 2 – dapat ninyong kumpletuhin ng iyong tagasalinwika ang pahayag ng tagasalinwika na kasama sa gabay na ito at ilakip ito sa iyong Advance Health Directive.



5.2 Nakagawa ka na ba ng Pangmatagalang Kapangyarihan ng Guardian (Enduring Power of Guardianship - EPG)?

Hinihiling sa iyo sa Bahagi 5.2 na ilista ang impormasyon kung gumawa ka ng Enduring Power of Guardianship.

Ang Enduring Power of Guardianship ay isang ligal na dokumento na nagpapahintulot sa iyong pangalanan at ligal na magtalaga ng isa o mas maraming tao para gumawa ng mga desisyon sa pamumuhay at pangangalagang pangkalusugan para sa iyo kung hindi ka na makagawa o makapagpahayag ng mga naturang desisyon. Kung gagawa ka ng Enduring Power of Guardianship, lubos na inirerekomenda na isama mo ang mga detalye sa iyong Advance Health Directive.

Ang taong itinalaga mo para gumawa ng mga desisyon para sa iyo ay tinatawag na pangmatagalang guardian (enduring guardian).

Hindi maaaring sapawan (override) ng enduring guardian ang mga desisyong ginawa sa iyong Advance Health Directive, maliban sa mga natatanging pangyayari (hal. kung may mga opsyon ng bagong paggamot na wala noong kinumpleto mo ang iyong Advance Health Directive).

Maaari mong lagyan ng tsek ang isang kahon lamang o maaari mong lagyan ng ekis ang tanong na ito kung ayaw mong sagutin ito. Kung pipiliin mo ang Opsyon 2, dapat mong isama ang mga detalye tungkol sa iyong Enduring Power of Guardianship at enduring guardian.


Tingnan ang [Mga Madalas Itanong](#) sa Seksyon 3: Makakatulong na impormasyon para sa higit pang impormasyon tungkol sa Enduring Power of Guardianship at kung paano magtalaga ng enduring guardian.

5.3 Humingi ka ba ng medikal at/o ligal na payo tungkol sa paggawa ng Advance Health Directive na ito?

Hinihiling sa iyo sa Bahagi 5.3 na magbigay ng mga detalye tungkol sa anumang medikal at/o ligal na payo na natanggap mo habang ginagawa ang iyong Advance Health Directive.

Maaaring maging kapaki-pakinabang sa iyo na humingi ng medikal at/o ligal na payo upang masiguro mo at ng mga taong malapit sa iyo na ang mga desisyon na iyong ginagawa sa iyong Advance Health Directive ay para sa iyong pinakamabuting interes at naaangkop sa iyong mga kalagayan sa kalusugan.

Maaari mong lagyan ng tsek ang isang kahon lamang kaugnay ng payong medikal, at maaari mo lamang lagyan ng tsek ang isang kahon kaugnay ng ligal na payo. Lagyan ng ekis ang tanong kung ayaw mong sagutin ito.



Hinihikayat ka (ngunit hindi inaatasan) na humingi ng medikal at/o ligal na payo sa paggawa ng Advance Health Directive.



Bahagi 6: Lagda at pagsaksi

Dapat mong kumpletuhin ang bahaging ito ng Advance Health Directive at dapat mong matugunan ang partikular na kahingian sa pagsaksi.

Upang matiyak na may saysay ang iyong Advance Health Directive, dapat kang tumupad sa sumusunod na mga kahingian sa paglagda at pagsaksi sa iyong Advance Health Directive.

- Dapat mong lagdaan ang Advance Health Directive sa harap ng 2 testigo. Dapat makita kang lumalagda ng dalawang testigo sa Advance Health Directive.
- Dapat ding lagdaan ng mga testigo ang Advance Health Directive. Dapat makita mong lumalagda ang dalawang testigo sa Advance Health Directive. Dapat panoorin ng bawat testigo ang paglagda ng isa't isa sa Advance Health Directive.
- Ang 2 testigo ay dapat parehong mas matanda sa 18 taong gulang at may ganap na ligal na kapasidad.
- Ang isa sa mga testigo ay dapat isang taong awtorisadong sumaksi sa mga pahayag na ayon sa batas (statutory declarations).

Para sa isang detalyadong listahan ng mga taong pinahihintulutang sumaksi sa mga statutory declaration sa WA, maaari kang sumangguni sa *Oaths, Affidavits at Statutory Declaration Act 2005*, Iskedyul 2 sa www.gov.au/government/publications/authorised-witnesses-statutory-declarations.

Kasama sa pinasimpleng listahan ng mga awtorisadong tao ang:

- Akademiko (lampas sa segundayong institusyon)
- Accountant
- Arkitekto
- Konsuladong Opisyal ng Australya
- Diplomatikong Opisyal ng Australya
- Bailiff
- Tagapamahala ng Bangko
- Chartered Secretary
- Parmasyutiko
- Chiropractor
- Awditor ng Kumpanya o Liquidator
- Opisyal ng Hukuman
- Opisyal ng Puwersa ng Tanggulan
- Dentista
- Doktor
- Opisyal ng Halalan (Electorate Officer) ng isang Miyembro ng Parlamento ng Estado
- Inhinyero
- Kalihim ng Organisasyong Pang-industriya
- Insurance Broker
- Justice of the Peace
- Opisyal ng Landgate
- Abogado
- CEO o Deputy CEO ng Lokal na Pamahalaan
- Konsehal ng Lokal na Pamahalaan
- Loss Adjuster
- Magdiriwang ng Kasal
- Miyembro ng Parlamento
- Komadrona
- Ministro ng Relihiyon
- Nars
- Optometrist
- Paramedic
- Patent Enduring Attorney
- Physiotherapist
- Podiatrist
- Pulis
- Tagapamahala sa Tanggapan ng Koreo
- Sikologo
- Notaryo Publiko
- Empleyado ng Gobyerno (Commonwealth o Estado)
- Ahente ng Real Estate
- Settlement Agent
- Sheriff o Deputy Sheriff
- Surveyor
- Guro
- Opisyal ng Tribunal
- Beterinaryo.

Kapag nagbibigay ng mga detalye ng address ng iyong mga testigo, gumamit ng address ng kalye at hindi isang Post Office (PO) Box. Ang address ng kalye ay maaaring ang address ng negosyo, lugar ng trabaho o address ng tirahan ng testigo.

Tingnan ang [Mga Madalas itanong](#) sa Seksyon 3: Makakatulong na impormasyon para sa higit pang impormasyon tungkol sa tungkulin at mga responsibilidad ng mga testigo.

Paano kung hindi ko na magawang lagdaan ang aking Advance Health Directive?

Kung hindi mo na magawang lagdaan ang iyong nakumpletong Advance Health Directive, maaari kang gumawa ng anumang uri ng marka, kabilang ang inisyal, ekis o thumb print.

Kung gagamit ka ng marka maliban sa isang lagda, kailangan mong kumpletuhin ang marksman clause na kasama sa gabay na ito at ilakip ito sa Bahagi 6 ng iyong Advance Health Directive. Kung maglalakip ka ng marksman clause, inirerekomenda na humingi ka ng ligal na payo (sa abogado o sa serbisyo sa batas ng komunidad).

Tingnan ang [Mga Madalas Itanong](#) sa Seksyon 3: Makakatulong na impormasyon para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagkumpleto ng Advance Health Directive kung ikaw ay may kapansanan sa paningin o hindi makabasa at/o makasulat.



Seksyon 3: Makakatulong na impormasyon

Ang seksyong ito ay naglilista ng mga madalas itanong at isang checklist para sa paghahanda, pagkumpleto at pagtatabi ng Advance Health Directive. Kasama rin dito ang mga karaniwang ginagamit na salita at kung saan pupunta para sa karagdagang impormasyon.

Mga Madalas Itanong

Ang seksyong ito ay sumasagot sa ilang karaniwang tanong tungkol sa paggawa ng Advance Health Directive.

Pangkalahatan

Kailan gagamitin ang aking Advance Health Directive?

Gagamitin lang ang iyong Advance Health Directive sa mga pagkakataong hindi ka na makagawa at/o makapagpahayag ng mga desisyon tungkol sa iyong paggamot at pangangalagang pangkalusugan at kung naaangkop ito sa paggamot na kailangan mo.

Gaano katagal ang saysay ang aking Advance Health Directive?

Ang mga desisyong gagawin mo sa iyong Advance Health Directive ay may saysay:

- hanggang sa mamatay ka o
- hanggang sa bawiin mo (kanselahin) ang iyong Advance Health Directive o
- habang ang mga opsyon sa paggamot na nakalista sa iyong Advance Health Directive ay may katuturan pa rin. Ang iyong Advance Health Directive ay hindi ilalapat sa mga bagong opsyon sa paggamot na maaaring maging available pagkatapos mong kumpletuhin ang Advance Health Directive.

Kung gumamit ako ng lumang template para sa aking Advance Health Directive may saysay pa rin ba ito?

Oo. Kung gumawa ka ng Advance Health Directive gamit ang lumang bersyon ng form bago ang ika-4 ng Pebrero 2023 at sinunod mo ang lahat ng mga ligal na kahingian upang kumpletuhin ang form, ito ay patuloy na may saysay.

Kailangan ko bang irehistro ang aking Advance Health Directive?

Hindi. Hindi hinihingi sa batas na irehistro mo ang iyong Advance Health Directive. Inirerekomenda na sabihin mo sa mga taong malapit sa iyo at sa mga kasangkot sa iyong pangangalaga na gumawa ka ng Advance Health Directive at magbahagi ng kopya sa kanila. Para sa karagdagang impormasyon tingnan ang [Ano ang dapat kong gawin sa aking nakumpletong Advance Health Directive?](#)

Kailangan ba na palaging susundin ng aking propesyonal sa kalusugan (doktor) ang aking mga desisyon sa aking Advance Health Directive?

Oo. Sa karamihan ng mga sitwasyon, kung hindi ka makagawa o makapagpahayag ng mga desisyon sa iyong paggamot at pangangalaga, dapat sundin ng mga propesyonal sa kalusugan ang mga desisyon sa iyong Advance Health Directive, maliban sa ilang limitadong iksepsyon. Ang limitadong iksepsyon ay maaaring mangyari kung:

- nagbago ang mga pangyayaring nauugnay sa iyong desisyon sa paggamot mula noong ginawa mo ang desisyon sa paggamot, at
- hindi inaasahang mahuhulaan mo ang mga pagbabagong ito noong ginawa mo ang iyong Advance Health Directive, at
- malamang na magbago ng isip ang isang makatwirang tao tungkol sa desisyon sa paggamot kung malalaman ang pagbabago ng mga pangyayari.

Gaano kadalas at kailan ko dapat suriin ang aking Advance Health Directive?

Inirerekomenda na suriin mo ang iyong Advance Health Directive kada 2 hanggang 5 taon, o kung magbago ang iyong mga kalagayan. Halimbawa, kung ikaw ay nadiagnos na may isang bagong patuloy at/o naglilimita-sa-buhay (life-limiting) na sakit, maaaring kailanganin mong suriin ang iyong Advance Health Directive nang mas maaga kaysa sa 2 hanggang 5 taon.

Ano ang pagkakaiba ng abanseng pagpapalano ng pangangalaga, Form ng mga Pinahahalagahan at Kagustuhan (Values and Preferences Form), Abanseng Plano ng Pangangalaga (Advance Care Plan) at Abanseng Direktiba sa Kalusugan (Advance Health Directive)?

Ang abanseng pagpapalano ng pangangalaga ay proseso ng kusang loob na pagpapalano ng kalusugan at personal na pangangalaga sa hinaharap kung saan ang iyong mga pinahahalagahan, mga paniniwala at mga kagustuhan ay ipinagbibigay-alam, upang gabayan ang paggawa ng desisyon sa hinaharap kung sakaling hindi ka na makagawa o makapagpahayag ng iyong mga desisyon.

Bilang bahagi ng prosesong ito, maaari mong piliing kumpletuhin ang dokumento sa abanseng pagpapalano ng pangangalaga upang maitala ang iyong mga pinahahalagahan, paniniwala, kagustuhan at desisyon sa paggamot. Sa WA, kasama sa mga dokumento ng abanseng pagpapalano ng pangangalaga ang mga sumusunod:

- Ang **Form ng mga Pinahahalagahan at Kagustuhan (Values and Preferences Form): Ang pagpapalano para sa aking pangangalaga sa hinaharap**, ay isang dokumento kung saan maaari mong itala kung ano ang iyong pinahahalagahan at kung ano ang gusto mo para sa iyong pangangalaga sa hinaharap kabilang ang kung saan mo gustong tumira, at iba pang mga bagay na mahalaga sa iyo. Ang form na ito ay maaaring ituring na isang Common Law Directive (para sa karagdagang impormasyon, tingnan sa ibaba ang [Ano ang pagkakaiba ng Common Law Directive at ng Advance Health Directive?](#)).
- Ang **Abanseng Plano ng Pangangalaga (Advance Care Plan) para sa isang taong walang sapat na kakayahang gumawa ng desisyon** ay isang dokumentong isinulat sa ngalan mo ng isang kinikilalang (mga) tagagawa ng desisyon na may malapit at patuloy na ugnayan sa iyo (ibig sabihin, ang tao na nasa pinakamataas ng hierarchy ng tagagawa ng desisyon sa paggamot na may panahon at handang gumawa ng mga desisyon). Maaaring gamitin ang dokumentong ito upang gabayan ang mga tagagawa ng desisyon at mga propesyonal sa kalusugan kapag gumagawa ng mga desisyon sa medikal na paggamot sa ngalan mo, kung wala kang may sagsay na Advance Health Directive o Values and Preferences Form. Dapat lamang itong gamitin kapag ang isang tao ay wala nang kakayahang gumawa ng desisyon upang kumpletuhin ang Values and Preferences Form o Advance Health Directive. Ang dokumentong ito ay isang dokumentong non-statutory at hindi isang dokumento kung saan maaaring magbigay ng ligal na pahintulot o tumanggi sa paggamot ang isang tao. Ang mga dokumentong non-statutory ay hindi kinikilala sa ilalim ng partikular na batas.

- Ang **Abanseng Direktiba sa Kalusugan (Advance Health Directive)** ay isang ligal na rekord ng iyong mga desisyon tungkol sa (mga) paggamot na gusto mo o hindi mo gustong tanggapin kung ikaw ay magkasakit o mapinsala sa hinaharap. Maaari lamang itong gawin ng isang taong mas matanda sa 18 taong gulang na may kakayahang gumawa at magpahayag ng kanyang mga desisyon. Ang Advance Health Directive ay dokumentong statutory dahil kinikilala ito ng batas. Ang mga dokumentong statutory ang pinakamatibay at pinakapormal na paraan ng pagtala ng iyong mga kahilingan.

Ano ang pagkakaiba ng Common Law Directive at Advance Health Directive?

Ang mga Common Law Directive ay mga nakasulat o pasalitang komunikasyon na ipinagbibigay-alam ang mga kahilingan ng isang tao tungkol sa kalusugan at personal na pangangalaga sa hinaharap na ibigbigay o hindi ibigbigay sa mga partikular na sitwasyon sa hinaharap. Walang mga pormal na kahingian kaugnay ng mga Common Law Directive. Maaaring mahirapang patunayan na ang partikular na Common Law Directive ay may saysay at maaaring sundin. Dahil dito hindi inirerekomenda ang mga ito sa paggawa ng mga desisyon sa paggamot.

Ang Advance Health Directive ay isang ligal na rekord ng iyong mga desisyon tungkol sa (mga) paggamot na gusto mo o hindi mo gustong tanggapin kung ikaw ay magkasakit o mapinsala sa hinaharap. Maaari lamang itong gawin ng isang taong mas matanda sa 18 taong gulang na may kakayahang gumawa at magpahayag ng kanyang mga desisyon. Ang Advance Health Directive ay isang dokumentong statutory dahil kinikilala ito ng batas. Ang mga dokumentong statutory ang pinakamatibay at pinakapormal na paraan upang maitala ang iyong mga kahilingan.

Pagsaksi, paglagda at pagbabahagi

Maaari ba akong pilitin na lumagda sa Advance Health Directive nang labag sa aking kalooban?

Hindi. Lahat ng desisyon sa paggamot na ginawa sa Advance Health Directive ay dapat gawin nang kusang-loob. Ang isang desisyon sa paggamot na ipinilit/ginawa nang labag sa iyong kalooban, sinuhulan o pinuwera ay walang saysay.

Kung ang isang miyembro ng pamilya o propesyonal sa kalusugan ay naghihinala na ang isang Advance Health Directive ay hindi kusang-loob na ginawa o naimpluwensyahan ng suhol o pamimilit, isang aplikasyon angdapat gawin sa State Administrative Tribunal sa ilalim ng Guardianship and Administration Act 1990 para matukoy kung (wala) may saysay.

Maaari ko bang hilingin sa aking doktor na saksihan ang aking Advance Health Directive?

Oo. Maaari mong hilingin sa iyong doktor na saksihan ang iyong Advance Health Directive. Ang iyong doktor ay dapat lumagda bilang testigo, sa harap ng isa pang testigo (na kailangan ding mas matanda sa 18 taong gulang).

Maaari ko bang hilingin sa isang miyembro ng aking pamilya na saksihan ang aking Advance Health Directive?

Oo. Gayunpaman, inirerekomenda na mga independiyenteng testigo ang piliin sa halip na kapamilya.

Maaari ko bang hilingin sa aking tagasalinwika na saksihan ang aking Advance Health Directive?

Hindi. Kung ginamit mo ang serbisyo ng isang tagasalinwika sa paghahanda ng iyong Advance Health Directive, hindi maaaring saksihan ng iyong tagasalinwika ang iyong paglagda sa Advance Health Directive.

Kailangan ko bang sabihin sa mga tao na gumawa ako ng Advance Health Directive?

Lubos na inirerekomenda na sabihin mo sa mga taong malapit sa iyo, at sa mga taong kasangkot sa iyong pangangalaga, na gumawa ka ng Advance Health Directive at magbahagi ng kopya sa kanila. Sabihin sa kanila kung saan mo itinabi ang iyong Advance Health Directive, para madali nilang ma-access ito kung kailanganin sa hinaharap.

Mga pagdaragdag, pagbabago, pagsasama at pagbawi (pagkansela)

Maaari ba akong maglakip ng mga karagdagang pahina sa aking Advance Health Directive?

Oo. Maaari kang magdagdag ng higit pang impormasyon sa iyong Advance Health Directive kung gagawin mo ito bago ito lagdaan at saksihan. Hindi ka maaaring maglakip ng mga karagdagang pahina kapag nasaksihan at nalagdaan na ang iyong Advance Health Directive.

Paano ako magdaragdag ng mga pahina sa aking Advance Health Directive?

Upang magdagdag ng mga pahina sa iyong Advance Health Directive, siguraduhing:

- gamitin ang format na pareho sa nauugnay na seksyon ng Advance Health Directive kung saan ka magdaragdag ng mga pahina
 - kung magdaragdag ka ng mga pahina sa Bahagi 4.2, maaari mong gamitin ang mga [karagdagang pahina para sa Bahagi 4.2 – Iba pang mga desisyon sa paggamot](#) na kasama sa gabay na ito
 - kung magdaragdag ka ng pahayag ng tagasalinwika, gamitin ang [pahayag ng tagasalinwika](#) na kasama sa gabay na ito at ilakip ito sa Bahagi 5.1
 - kung magdadagdag ka ng marksman clause, gamitin ang [marksman clause](#) na kasama sa gabay na ito at ilakip ito sa Bahagi 6
- pisikal na ilakip (hal. i-staple) ang mga karagdagang pahina sa nauugnay na seksyon ng Advance Health Directive
- lagdaan at lagyan ng petsa ang bandang ibaba ng karagdagang mga pahina kapag nilagdaan mo ang Advance Health Directive (Bahagi 6) sa harap ng iyong mga testigo.

Tiyakin na ang iyong mga testigo ay:

- lumagda sa bandang ibaba ng anumang karagdagang mga pahina na nakalakip sa Advance Health Directive kasabay ng paglagda nila sa Bahagi 6.



Maaari ba akong maglagay ng mga karagdagan at/o pagbabago sa mga desisyon sa aking Advance Health Directive kapag ito ay nalagdaan at nasaksihan na?

Hindi. Hindi ka maaaring maglagay ng karagdagan at/o baguhin ang mga desisyon sa iyong Advance Health Directive pagkatapos itong malagdaan at masaksihan.

Kung kailangan mong baguhin ang iyong Advance Health Directive, dapat mong bawiin (o kanselahin) ang iyong kasalukuyang Advance Health Directive at gumawa ng panibago.

Ano ang mangyayari kung babaguhin ko ang aking address o mga detalye sa pakikipag-ugnayan pagkatapos malagdaan at masaksihan ang aking Advance Health Directive?

Mananatiling may saysay ang iyong Advance Health Directive kung babaguhin mo ang iyong address at/o mga detalye sa pakikipag-ugnayan. Hindi mo kailangang bawiin (kanselahin) ang iyong Advance Health Directive kung magbabago lamang ng iyong mga personal na detalye. Maaaring ipaalam na lang sa mga taong may kopya ng iyong Advance Health Directive ang iyong bagong mga personal na detalye.

Paano ko babawiin (o kakanselahin) ang aking Advance Health Directive?

Upang bawiin ang isang Advance Health Directive, dapat ay mayroon kang ganap na ligal na kapasidad. Ang batas ay nagbibigay ng mga pananggalang upang matiyak na ang Advance Health Directive ay hindi maaaring gawin, susugan o bawiin kung ang isang tao ay wala nang kakayahan.

Mayroong pahayag sa Advance Health Directive na nagbibigay-daan sa iyong ipahiwatig na binabawi mo ang naunang bersyon.

Inirerekomenda ng Kagawaran ng Kalusugan ng WA na sulatan mo ang lahat (mga tao at organisasyon) upang ipaalam sa kanila na binabawi mo (kinakansela) ang iyong Advance Health Directive. Maaaring kabilang dito ang iyong GP, ibang mga propesyonal sa kalusugan, mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan, mga miyembro ng pamilya at/o mga kaibigan na kasalukuyang may hawak na kopya ng iyong Advance Health Directive.

Dapat ibalik ito sa iyo ng lahat na may lumang kopya ng iyong Advance Health Directive, at dapat mong sirain ang mga lumang kopya.

Maaari bang isama sa Advance Health Directive ang pahintulot na mag-donate ng organo at tisyu?

Hindi. Hindi magagamit ang Advance Health Directive para pormal na irehistro ang iyong layunin na mag-donate ng organo at tisyu. Ang pag-donate ng organo at tisyu ay dapat pormal na irehistro sa donatelife.gov.au. Mahalaga rin na makipag-usap sa mga miyembro ng pamilya tungkol sa iyong desisyon na mag-donate ng organo at tisyu, dahil hihilingin sa mga kamag-anak na sumang-ayon dito kung ikaw ay mamatay.

Maaari ba akong pumayag sa boluntaryong tinulungan na mamatay (voluntary assisted dying) sa aking Advance Health Directive?

Hindi. Ang voluntary assisted dying (health.wa.gov.au/voluntaryassisteddying) ay isang ligal na opsyon para sa mga taga-Western Australia na nakatugon sa kinakailangang pamantayan sa pagiging marapat. Hindi posibleng isama ang voluntary assisted dying sa Advance Health Directive, ngunit kung ito ay isang bagay na maaari mong isaalang-alang bilang isang opsyon, maaari kang makipag-usap sa iyong healthcare provider o makipag-ugnayan sa WA VAD Statewide Care Navigator Service. Ang mga navigator ng pangangalaga na nagtatrabaho sa serbisyo ay mga kwalipikadong propesyonal sa kalusugan na maraming kaalaman tungkol sa voluntary assisted dying bilang pagpipilian sa katapusan ng buhay (end-of-life choice). Mayroon silang malawak na karanasan sa pagsuporta sa mga pasyente, pamilya at mga propesyonal sa kalusugan.

Madaling pag-access

Makukuha ba ang Advance Health Directive sa ibang wika maliban sa Ingles?

Hindi. Ang Advance Health Directive ay makukuha lamang sa Ingles at ang iyong mga tugon ay dapat nakasulat sa Ingles upang magkaroon ng saysay. Ang gabay na ito at iba pang impormasyon sa abanseng pagpapalano ng pangangalaga ay makukuha sa maraming wika. Tingnan ang healthywa.wa.gov.au/AdvanceHealthDirectives para sa karagdagang impormasyon.

Maaari ba akong kumuha ng tagasalinwika upang matulungan ako sa aking Advance Health Directive?

Oo maaari mong gamitin ang serbisyo ng isang tagasalinwika kapag gumagawa ng Advance Health Directive. Inirerekomenda na dapat kwalipikado ang iyong tagasalinwika at/o may kredensyal sa pagsasalinwika. Tingnan ang [Bahagi 5.1 sa Seksyon 2: Hakbang-hakbang na Gabay](#). Kasama sa seksyong [Saan pupunta para sa karagdagang impormasyon](#) ng gabay na ito ang mga detalye kung saan makakahanap ng mga serbisyo ng tagasalinwika.

Maaari ko bang hilingin sa aking doktor na kumuha ng isang interpreter upang mapag-usapan namin ang aking Advance Health Directive?

Oo. Kung gusto mong talakayin ang iyong Advance Health Directive sa iyong doktor (o iba pang propesyonal sa kalusugan na kasangkot sa iyong pangangalaga) maaari kang humiling ng serbisyo ng interpreter. Maaaring kasama mo ang interpreter sa silid o maaari siyang magsalinwika ng inyong pag-uusap sa telepono.

Ano ang dapat naming gawin ng aking tagasalinwika upang kumpletuhin ang Advance Health Directive?

Dapat ninyong kumpletuhin ng iyong tagasalinwika ang [pahayag ng tagasalinwika](#) na kasama sa gabay na ito at ilakip ito sa Bahagi 5.1 ng iyong nakumpletong Advance Health Directive.

Paano ako gagawa ng Advance Health Directive kung ako ay may kapansanan sa paningin, o kung hindi ako marunong magbasa at/o magsulat?

Ang pagiging hindi marunong magbasa at/o sumulat, at/o lumagda ng iyong pangalan ay hindi hadlang sa paggawa mo ng Advance Health Directive. Maaari mong hilingin sa ibang tao na basahin ang Advance Health Directive (at ang gabay na ito) sa iyo, at maaari kang humingi ng tulong sa pagkumpleto ng Advance Health Directive.

Kung hindi mo magawang lagdaan ang iyong nakumpletong Advance Health Directive, maaari mong hilingin sa ibang tao na lagdaan ito sa ngalan mo. Kailangang kumpletuhin ng taong lalagda sa ngalan mo ang pangalawang opsyon sa pahinang lalagdaan sa Bahagi 6.

Kung gusto mong 'lagdaan' ang Advance Health Directive gamit ang anumang uri ng marka, maliban sa isang lagda, dapat mong kumpletuhin ang [marksman clause](#) na kasama sa gabay na ito at ilakip ito sa Bahagi 6 ng iyong Advance Health Directive. Ang parehong mga kahingian sa pagsaksi ay paiiralin kahit na gumamit ka ng marksman clause.

Kung magsasama ka ng marksman clause, inirerekomenda na humingi ka ng ligal na payo mula sa isang abogado o pangkomunidad na serbisyo sa batas. Ang seksyong [Saan pupunta para sa karagdagang impormasyon](#) sa gabay na ito ay magbibigay ng mga detalye kung saan maaaring pumunta para sa payo sa batas.

Mga paggamot na nagpapanatili ng buhay

Ano ang paggamot na nagpapanatili ng buhay?

Ang paggamot na nagpapanatili ng buhay ay pangangalagang pangkalusugan na naglalayong panatilihin buhay ang isang tao at/o manatiling buhay kung siya ay nasa panganib na mamatay. Ang mga halimbawa ng paggamot na nagpapanatili ng buhay ay kinabibilangan ng:

- CPR (cardiopulmonary resuscitation) (hal. paggamot upang panatilihin ang pagbomba ng iyong puso kapag ito ay tumigil sa pagtibok)
- assisted ventilation (hal. isang makina na tumutulong sa paghinga sa pamamagitan ng face mask o isang breathing tube)
- artificial hydration (hal. mga likidong ibinibigay sa pamamagitan ng tubo papunta sa ugat, tisyu, tiyan)
- artipisyal na nutrisyon (hal. isang feeding tube sa ilong o tiyan)
- pagtanggap ng mga produkto ng dugo (hal. pagsasalin ng dugo)
- mga antibiyotiko (hal. mga gamot na ibinibigay upang labanan ang impeksyon, na ibinibigay sa pamamagitan ng bibig, iniksyon o sa pamamagitan ng drip tube).

Pangmatagalang Kapangyarihan ng Guardian (Enduring Power of Guardianship)

Ano ang Enduring Power of Guardianship?

Ang Enduring Power of Guardianship (EPG) ay isang ligal na dokumento na nagbibigay ng pahintulot sa isang taong pinili mo, na gumawa ng mahahalagang desisyon sa personal, pamumuhay at paggamot sa ngalan mo sakaling ikaw ay mawalan ng kakayahang gumawa o magpahayag ng iyong mga desisyon.

Ang (mga) taong ito ay kilala bilang enduring guardian. Maaari mong pahintulutan ang enduring guardian na gumawa ng mga desisyon kung saan ka titira, kung anong mga serbisyo ng suporta ang maa-access mo, at paggamot na matatanggap mo. Hindi mo maaaring pahintulutan ang enduring guardian na gumawa ng mga desisyon tungkol sa iyong mga ari-arian o mga usapin sa pera. Maaari kang magkaroon ng mahigit sa isang enduring guardian ngunit dapat ay magkaisa sila sa kanilang aksyon na nangangahulugang dapat silang magkasundo sa anumang mga desisyong gagawin nila sa ngalan mo.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Enduring Power of Guardianship at mga enduring guardian, tingnan ang website ng Office of the Public Advocate sa justice.wa.gov.au/epg.

Kung gagawa ako ng Advance Health Directive, kailangan ko bang gumawa din ng Enduring Power of Guardianship?

Hindi. Wala kang obligasyon na gumawa ng Enduring Power of Guardianship dahil lang sa gumawa ka ng Advance Health Directive.

Gayunpaman, sa pamamagitan ng pagtatalaga ng isang enduring guardian, masisiguro mo lalo na ang mga desisyong gagawin para sa iyo ay sasalamin sa iyong mga pinahahalagahan, paniniwala at mga kagustuhan kung hindi ka na makagawa o makapagpahayag ng mga desisyong ito.



Mga sertipikadong kopya at pagtatabi

Paano ako gagawa ng sertipikadong kopya ng aking Advance Health Directive?

Ang sertipikadong kopya ay photocopy ng isang dokumento na nasertipikahan ng isang awtorisadong testigo bilang isang direktang kopya ng orihinal na dokumento. Walang batas sa WA na nagsasabi kung paano sesertipikan ang kopya ng isang dokumento at/o kung sino ang makakagawa nito.

Gayunpaman, karaniwan na ang mga dokumento ay sinesertipikahan ng isang tao na awtorisadong maging testigo sa mga deklarasyong statutory ayon sa Iskedyul 2 ng *Oaths, Affidavits at Statutory Declaration Act 2005*. Para sa higit pang impormasyon sa pagsertipika ng mga kopya ng iyong Advance Health Directive, tingnan ang website ng Tanggapan ng Pamublikong Tagapagtanggol sa publicadvocate.wa.gov.au o Kagawaran ng Hustisya Papel-Kaalaman ng Impormasyon – Pagsertipika sa mga Kopya ng mga Dokumento – justice.wa.gov.au.

Ano ang dapat kong gawin sa aking nakumpletong Advance Health Directive?

Dapat mong itabi ang iyong orihinal na Advance Health Directive sa isang ligtas na lugar.

Maaari kang magtabi ng kopya ng iyong Advance Health Directive sa online gamit ang My Health Record. Para mai-upload ang iyong Advance Health Directive sa My Health Record pumunta sa digitalhealth.gov.au.

Inirerekomenda na sabihin mo sa mga taong malapit sa iyo at sa mga kasangkot sa iyong pangangalaga na gumawa ka ng Advance Health Directive. Maaari kang magbahagi ng kopya ng iyong nakumpletong Advance Health Directive sa pinakamaraming tao na malapit sa iyo hangga't gusto mo. Maaaring kabilang dito ang:

- iyong pamilya, mga kaibigan at tagapagalaga
- mga enduring guardian
- GP/lokal na doktor
- ibang (mga) espesyalista at/o iba pang propesyonal sa kalusugan
- pasilidad sa pangangalaga ng matatanda
- lokal na ospital
- mga propesyonal sa batas.

Gumawa ng listahan ng mga taong may kopya ng iyong Advance Health Directive at iba pang mga dokumento sa abanseng pagpapalano ng pangangalaga. Magandang paalala ito sa mga taong dapat kontakin kung magpasya kang bawiin (kanselahin) ang iyong (mga) dokumento sa hinaharap.

Maaari mo ring gamitin ang sumusunod, upang ipaalam sa mga tao na mayroon kang Advance Health Directive:

- magdala ng alert card ng Advance Health Directive sa iyong pitaka o portamoneda – maaari kang mag-order ng alert card sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Linya ng Abanseng Pagpapalano ng Pangangalaga ng Kagawaran ng Kalusugan sa 9222 2300 o mag-email sa acp@health.wa.gov.au.
- magsuot ng MedicAlert (medicalert.org.au) bracelet.

Checklist sa paggawa ng Advance Health Directive

Ang mga aksyon na nakasulat sa makapal na titik (**bold**) ay mga kinakailangan upang matiyak na ang iyong Advance Health Directive ay may sagsay.

- Basahin ang Advance Health Directive at gamitin ang gabay na ito ng Advance Health Directive upang maghanda at maunawaan kung ano ang dapat isaalang-alang habang kinukumpleto mo ang iyong Advance Health Directive.
- Isipin kung ano ang pinakamahalaga sa iyo tungkol sa iyong mga pinahahalagahan, kalusugan at pangangalagang pangkalusugan at kung ano ang pinakamahalaga kung magkasakit ka nang malubha o mapinsala sa hinaharap.
- Makipag-usap sa malapit na pamilya at mga kaibigan kung ano ang mahalaga sa iyo at ang iyong mga pinahahalagahan at mga kagustuhan para sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang katapusan ng buhay (end-of-life) na pangangalaga.
- Hilingin sa iyong doktor na ipaliwanag ang mga opsyon sa paggamot na nagpapanatili ng buhay na nakalista sa Advance Health Directive.
- Pag-isipan kung gusto mong magtalaga ng isang (mga) enduring guardian upang maging responsable sa mga desisyon tungkol sa iyong kalusugan at pamumuhay. Kung gagawin mo ito, pag-isipan kung sino ang gusto mong italaga at kausapin siya tungkol sa iyong mga kahilingan.
- Pag-isipan kung paano makakaapekto ang paggawa ng Advance Health Directive sa iba pang mga dokumento sa abanseng pagpapalano ng pangangalaga na iyong nakumpleto.
- Kumpletuhin ang mga detalye sa iyong Advance Health Directive sa pamamagitan ng sulat-kamay o pag-type sa elektronikong PDF form.
- Kumpletuhin ang Bahagi 1 – Ang Aking mga Personal na Detalye.**
- Gumawa ng kahit man lang isang desisyon sa paggamot sa Bahagi 4 – Ang Aking mga Desisyon sa Paggamot sa Advance Health Directive.**
- Kung kumuha ka ng serbisyo ng isang tagasalinwika upang gawin ang iyong Advance Health Directive, kumpletuhin ang Bahagi 5.1 at kumpletuhin ang pahayag ng tagasalinwika na kasama sa gabay na ito at ilakip ito sa Bahagi 5.1 ng iyong Advance Health Directive.
- Kumpletuhin ang Bahagi 6 sa pamamagitan ng paglagda sa iyong Advance Health Directive sa harap ng 2 testigo na 18 taong gulang o mas matanda, kabilang ang isang tao na awtorisadong saksihan ang mga deklarasyong statutory sa WA.**
- Kung gagamit ka ng marka maliban sa isang lagda para pirmahan ang Advance Health Directive, kumpletuhin ang marksman clause na kasama sa gabay na ito at ilakip ito sa Bahagi 6 ng iyong Advance Health Directive.**
- Gumawa ng mga sertipikadong kopya at mag-upload ng kopya sa [My Health Record \(myhealthrecord.gov.au\)](https://myhealthrecord.gov.au) upang matiyak na ang iyong Advance Health Directive ay makukuha ng iyong mga gumagamot na propesyonal sa kalusugan kung ito ay kailangan.
- Itabi ang orihinal na Advance Health Directive sa isang ligtas na lugar.
- Magbigay ng mga sertipikadong kopya ng iyong Advance Health Directive sa malapit na pamilya at mga kaibigan at mga taong kasangkot sa iyong pangangalaga.
- Planuhin kung kailan (sa 2 hanggang 5 taon) rerepasuhin ang iyong Advance Health Directive o gawin ito kaagad kung magbago ang iyong mga sirkumstansya sa kalusugan.

Saan pupunta para sa karagdagang impormasyon

Ang seksyong ito ay may listahan ng mga organisasyon na makakatulong sa iyong maunawaan at gumawa ng Advance Health Directive.

Mga Abanseng Direktiba sa Kalusugan (Advance Health Directives)

Kagawaran ng Kalusugan ng WA – Linya ng Impormasyon sa Abanseng Pagpapalano ng Pangangalaga

Mga pangkalahatang tanong at para mag-order ng mga libreng mapagkukunan sa abanseng pagpapalano ng pangangalaga (hal. Mga Abanseng Direktiba sa Kalusugan)

Telepono: 9222 2300

Email: acp@health.wa.gov.au

Website: healthywa.wa.gov.au/AdvanceCarePlanning

Linya ng Tulong ng Palyatibong Pangangalaga (Palliative Care Helpline)

Impormasyon at suporta sa mga isyu na may kaugnayan sa abanseng pagpapalano ng pangangalaga, palyatibong pangangalaga, dalamhati at kawalan

Telepono: 1800 573 299 (9:00am hanggang 5:00pm araw-araw)

Website: palliativecarewa.asn.au

Palliative Care WA

Pangkalahatang mga pagtatanong, mapagkukunan at impormasyon tungkol sa libreng mga palihan sa komunidad tungkol sa abanseng pagpapalano sa pangangalaga

Telepono: 1300 551 704 (Lunes hanggang Huwebes)

Website: palliativecarewa.asn.au

Libreng Serbisyo ng Suporta sa Advance Care Planning Australia

Mga pangkalahatang pagtatanong mula sa mga propesyonal sa kalusugan at mga mamimili at suporta sa pagkumpleto ng mga dokumento sa abanseng pagpapalano ng pangangalaga

Telepono: 1300 208 582 (Lunes hanggang Biyernes 9:00am hanggang 5:00pm AEST)

Website: advancecareplanning.org.au

Pangmatagalang Kapangyarihan ng Guardian (Enduring Power of Guardianship)

Tanggapan ng Pamublikong Tagapagtaguyod

Impormasyon tungkol sa Enduring Power of Guardianship, mga enduring guardian at pagtatasa ng kakayahan

Telepono: 1300 858 455

Email: opa@justice.wa.gov.au

Website: publicadvocate.wa.gov.au

Medikal na payo

Magpatingin sa iyong GP, espesyalista o lokal na doktor para sa payo

healthdirect Australia

Kumpidensyal na serbisyo sa telepono para sa payo sa kalusugan. Maaaring idirekta ka sa isang lokal na GP o maaari mong kausapin ang isang rehistradong nars

Telepono: 1800 022 222 (Matatawagan anumang oras, araw-araw ng taon)

Website: healthdirect.gov.au

Ligal na payo

Makipagkita sa iyong abogado o solicitor para sa payo

Law Society of Western Australia

Telepono: 9324 8600

Seksyon sa paghanap abogado para sa pagtatanong at pagsangguni:

lawsocietywa.asn.au/find-a-lawyer

Kawanihan ng Pagpapayo sa mga Mamamayan (Citizens Advice Bureau)

Telepono: 9221 5711

Website: cabwa.com.au

Mga Sentro ng Batas ng Komunidad (Community Legal Centres)

Telepono: 9221 9322

Website: communitylegalwa.org.au

Legal Aid WA

Telepono: 1300 650 579

Website: legalaid.wa.gov.au

Mga aplikasyon tungkol sa pagpapairal ng Enduring Power of Guardianship at Advance Health Directives

State Administrative Tribunal (SAT)

Telepono: 1300 306 017

Website: sat.justice.wa.gov.au

Kung kailangan mo ng tagasalinwika o interpreter

Kung nahihirapan kang unawain ang gabay na ito at gusto mong ipasalin ito sa ibang wika, ang Western Australian Institute of Translators and Interpreters (WAITI) at National Accreditation Authority for Translators and Interpreters (NAATI) ay may mga online na direktoryo na naglilista ng mga kwalipikado at may kredensyal na tagasalinwika at interpreter na makakatulong sa iyo. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa Aboriginal Interpreting WA.

Aboriginal Interpreting WA

Telepono: 0439 943 612

Website: aiwaac.org.au

Kung ikaw ay bingi o may kapansanan sa pandinig o pagsasalita

Gamitin ang National Relay Service para tawagan ang alinman sa mga ahensya sa seksyong ito. Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang:

communications.gov.au/accesshub



Mga karaniwang ginagamit na salita

Ang seksyong ito ay nagbibigay ng mga kahulugan sa mga karaniwang ginagamit na salita sa Advance Health Directive.

Abanseng pagpapalano ng pangangalaga

Ang proseso ng boluntaryong pagpapalano para sa kalusugan at personal na pangangalaga sa hinaharap kung saan ang mga pinahahalagahan, paniniwala at kagustuhan ng tao ay ipinagbibigay-alam upang gabayan ang paggawa ng desisyon sa hinaharap sakaling ang taong iyon ay hindi na makagawa o makapagpahayag ng kanyang mga desisyon.

Mga dokumento sa abanseng pagpapalano ng pangangalaga

Isang masaklaw ng salita (catch-all term) na kinabibilangan ng mga dokumento (kasama ang statutory at non-statutory) na resulta ng abanseng pagpapalano ng pangangalaga. Sa WA, kabilang dito ang mga Advance Health Directive, Values and Preferences Form: Pagpapalano para sa aking pangangalaga sa hinaharap, Enduring Powers of Guardianship, at Advance Care Plan para sa mga Taong may Hindi Sapat na Kakayahang Gumawa ng Desisyon.

Abanseng Plano sa Pangangalaga

Mga dokumentong nagsasaad ng mga paniniwala, pinahahalagahan at kagustuhan ng isang tao kaugnay ng mga desisyon sa pangangalaga sa hinaharap, ngunit hindi tumutugon sa mga kahingian sa pagkilala sa statutory o karaniwang batas dahil sa kakulangan ng kakayahan ng tao, hindi sapat na kakayahan sa paggawa ng desisyon o kakulangan ng mga pormalidad (tulad ng hindi sapat na pagkakakilanlan ng tao, lagda at petsa). Ang Advance Care Plan ay maaaring pasalita o nakasulat, kung saan mas pinipili ang nakasulat.

Abanseng Direktiba sa Kalusugan (Advance Health Directive)

Isang boluntaryong ligal na dokumentong kumpleto ng isang taong nasa hustong gulang na may ganap na ligal na kapasidad na tumutuon sa mga pinahahalagahan at kagustuhan ng isang indibidwal para sa mga desisyon sa pangangalaga sa hinaharap, kabilang ang kanyang gustong kalalabasan at pangangalaga. Tinutukoy nito ang (mga) paggamot kung saan ibinibigay o tinatanggi ang pahintulot sa mga partikular na sirkumstansya at magkakabisa

lamang kung ang tao ay hindi na magawang ipahayag ang kanyang mga kahilingan.

Kakayahan (Kapasidad)

Ang isang tao ay may kakayahan kung:

- nauunawaan niya ang anumang impormasyon o payo na ibinigay sa kanya upang makagawa ng mga desisyon sa kanyang Advance Health Directive
- nauunawaan niya ang malamang na (mga) epekto ng mga desisyong gagawin niya sa kanyang Advance Health Directive sa kanyang paggamot at pangangalaga sa hinaharap
- nagagawa niyang timbangin ang mga posibleng benepisyo at kahinaan ng kanyang mga desisyon tungkol sa kanyang paggamot at pangangalaga sa hinaharap
- nagagawa niyang ipahayag sa anumang paraan ang kanyang mga desisyon tungkol sa kanyang paggamot at pangangalagang pangkalusugan sa hinaharap

Sertipikadong kopya

Isang photocopy ng isang wastong nasaksihang Advance Health Directive na sinertipikahan ng isang awtorisadong testigo bilang direktang kopya ng orihinal na dokumento.

Katapusan ng buhay

Ang tagal ng panahon kung saan ang isang tao ay nabubuhay nang may taning o posibleng nakamamatay na kondisyon. Itinuturing na malapit na sa katapusan ng buhay ang mga tao kung malamang na sila ay mamatay sa susunod na 12 buwan.

Pangmatagalang Kapangyarihan ng Abogado (Enduring Power of Attorney)

Isang dokumento kung saan ang isang tao ay nagtatalaga sa ibang tao (kilala bilang isang abogado) na pamahalaan ang kanyang mga usapin sa pananalapi.

Ang Enduring Power of Guardianship ay isang ligal na dokumento kung saan ang isang tao ay naghirang ng isang enduring guardian upang gumawa ng mga desisyong personal, pamumuhay at paggamot sa ngalan niya sakaling hindi na siya makagawa ng mga makatwirang pasya tungkol sa mga bagay na ito sa hinaharap.

Enduring guardian

Isang taong itinalaga sa ilalim ng Enduring Power of Guardianship upang gumawa ng mga desisyong personal, pamumuhay, paggamot at medikal na pananaliksik sa ngalan ng nagtalaga.

Pangangalagang pangkalusugan

Maaaring kabilang sa pangangalagang pangkalusugan ang medikal na paggamot, paggamot na nagpapanatili ng buhay, operasyon, paggamot sa kalusugan ng isip, mga gamot, paggamot sa ngipin, pangangalaga sa buntis at bagong silang, pangangalaga sa emerhensiya, pangangalaga ng nars, podiatry, physiotherapy, optometry, psychological therapy, pangangalaga sa kalusugan ng Aborihinal, occupational therapy, at iba pang mga serbisyong ibinibigay ng mga rehistradong health practitioner tulad ng tradisyunal na Chinese medicine.

Propesyonal sa kalusugan

Sinumang rehistradong propesyonal na nagsasagawa ng isang disiplina o propesyon sa larangan ng kalusugan na kinasasangkutan ng paglalapat ng malawak na pag-aaral, kabilang ang isang taong kasama sa propesyong partikular na tinukoy ng batas.

LGBTQIA+

Mga taong nagpapakilala sa kanilang sarili bilang tomboy, bakla, bisexual, transgender, intersex, queer/questioning, asexual at/o iba pang magkakaibang oryentasyong sekswal at pagkakakilanlang kasarian.

Mga hakbang o paggamot na nagpapanatili ng buhay

Mga pamamaraang medikal, surhikal o nursing na humahalili sa isang mahalagang paggana ng katawan na hindi na kayang gumana nang walang tulong. Kabilang dito ang assisted ventilation at cardiopulmonary resuscitation.

Medikal na pananaliksik

